Mahal na Komunidad ng Paaralan,

Ang Hospital for Sick Children ay nakikipagtulungan sa iyong paaralan upang magbigay ng mga kit ng pagsusuri ng laway sa COVID-19 para sa mga may sintomas na kawani, mga mag-aaral, at mga miyembro ng sambahayan, o mga inirekomenda ng Toronto Public Health (TPH) para sa pagsusuri ng COVID-19. Ang pagsusuri ng laway ay hindi masakit at madali at ang pagpapasuri ay makakatulong sa pagbabawas ng mga kaso ng COVID-19 sa iyong paaralan at pananatiliing bukas ang mga paaralan.

Saan makukuha ang kit ng pagsusuri ng laway?

- Ang mga kit ng pagsusuri ng laway ay maaaring makuha mula sa iyong paaralan sa itinalagang lugar ng pickup sa paaralan

Kailan gagamitin ang isang kit ng pagsusuri ng laway?

- Gamitin ang isang kit ng pagsusuri kapag mayroon kang hindi bababa sa 1 o mahigit pang mga sintomas ng COVID-19 (lagnat o panginginig; ubo o tumatahol na ubo; igsi sa paghinga; nabawasan o nawalan ng panlasa o pangamoy; pagduduwal/ pagsusuka at/o pagtatae) o
- Ipinaalam sa iyo ng Pampublikong Kalusugan na magpasuri sa mga partikular na petsa

Ano ang nasa isang kit ng pagsusuri ng laway?

1. Lalagyan ng koleksiyon ng laway (ang asul na likido ay nagde-deactivate ng virus)
2. Forn ng laboratoryo (ay dapat punan upang matanggap ang iyong mga resulta)
3. Mga tagubilin sa pangongolekta ng laway (sa likod ng form ng laboratoryo)
4. Mga tagubilin para sa kung paano ma-akses ang iyong mga resulta
5. Isang blangkong label para sa lalagyan ng iyong laway (ilagay ang label na may buong legal na pangalan at petsa ng kapanganakan kagaya ng nasa iyong health card at idikit ito sa lalagyan ng ispesimen

Paano mangolekta ng laway at ihulog ang kit?

- Hindi maaaring kumain, uminom, manigarilyo, ngumuya ng gum, magsipilyo ng ngipin, mag-vaping 30 minuto bago gawin ang pagsusuri
- Kolektahin at i-label ang sample, punan ang requisition, i-seal ito sa biohazard na supot
- Ang isang tao na walang mga sintomas at walang sakit ay maaaring ihulog ang sample sa itinalagang lugar sa paaralan Lunes hanggang Biyernes sa oras ng mga paaralan
- Narito ang link sa aming mga tagubilin sa laway video: https://www.youtube.com/watch?app=desktop&v=Ru-vFZdImes&feature=youtu.be

Kailan ko makukuha ang aking mga resulta?

Kung ang iyong pagsusuri ay positibo (+):

- Ikaw ay **Makaka**tanggap ng isang tawag sa telepono mula sa SickKids sa loob ng 24-48 oras at sa Pampublikong Kalusugan sa loob ng mga ilang araw na may impormasyon at mga tagubilin tungkol sa kung ano ang susunod na gagawin

Kung ang iyong pagsusuri ay negatibo (-):

- Ikaw ay **HINDI MAKAKA**tanggap ng isang tawag sa telepono at kailangang hintayin ang mga resulta na maging available sa online

Kung ang pagsusuri ay hindi maproseso

- Kung ang sample ay walang label, walang sapat na laway, o ang requisition ay hindi napunan, tatawagan ka namin upang ipaalam sa iyo na ang ispesimen ay hindi maproseso.

Pag-akses ng mga Resulta

- Kung nagbigay ka ng 10 didyit na numero at dalawang letrang bersyon ng code ng Berdeng Ontario Health Care Card:
    - I-akses ang iyong mga resulta sa COVID-19 na website ng Pamahalaan sa: https://covid-19.ontario.ca/

**COVID-19 na Website ng Pamahalaan**

- Kung ikaw ay walang Ontario Health Care Card, mayroon kang isang pula at puting kard, o ay mula sa labas ng lalawigan:
    - Dapat mong ilagay ang iyong email address sa requisition form, na gagamitin upang magpadala sa iyo ng isang code upang makita ang iyong mga resulta sa https://covid-19.ontario.ca/
    - Kung hindi ka nakarinig mula sa amin sa loob ng 4 na araw ng negosyo, mangyaring mag-email sa mobile.outreach@sickkids.ca